Balitang Manmin

BILANG 98 DISYEMBRE 15, 2013

# Idinaos ni Pastor Soojin Lee ang Pang-apat na Krusada sa Israel

## Bilang Pag-alaala ng Krusada ng Pagkakaisa ni Dr. Jaerock Lee sa Lugar na Ito, Ipinalabas Ito ng TBN Russia



Pagkatapos idaos ni Dr. Jaerock Lee ang krusada ng pagkakaisa sa Israel noong taong 2009, taun-taon na ito isinasagawa ng Crystal Forum bilang pag-alaala sa okasyong ito. Sa taong ito, 2013, ipinangaral ni Pastor Soojin Lee (litrato 1) ang mensahe sa pang-apat na krusada ng pag-alaala sa ICC Haifa (litrato 3). Maraming tao ang nagpatotoo ng paggaling nila (litrato 2, 5). Ang pagtatanghal ng lider ng papuri na si Rose Han at ng Power Worship Dance Team (litrato 4, 6), at ang oras ng papuri kasama ang lahat ng dumalo (litrato 7) ay puno ng emosyon at pagpapala. Ang seminar para sa mga pastor at ang krusada ng iglesya (litrato 8, 9), ay nagsilbing pagkakataon para sa kanilang pagbabago.

Noong Setyembre 2009, ipinakita ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ng Manmin Central Church ang kapangyarihan ng Diyos at ipinahayag na si Jesus ang ating Tanging Tagapagligtas. Ibinalik niya ang ebanghelyo sa Jerusalem, ang lugar na pinagmulan nito. Magmula noon, iniimbitahan taun-taon ng Crystal Forum (Israeli Pastors' Association, www.acf.org.il) ang grupong pang-misyon ng iglesya para magdaos ng krusada bilang pag-alaala sa okasyong ito.

Ang ministeryo ng iglesya sa Israel ay nagsimula noong Hulyo 2007. Nagbunga ito sa krusada ng pagkakaisa ni Dr. Jaerock Lee noong 2009. Ngayong taong ito, 2013, idinaos ni Pastor Soojin Lee ang pang-apat na krusada bilang pag-alaala. Isinulong nito ang pagbabagong espirituwal para sa Israel na naghahangad para sa ebanghelyo ng kabanalan.

Noong gabi ng Oktubre 26, 2013, idinaos ang krusada sa International Convention Center sa Haifa. Pinamunuan ito ni Pastor Soojin Lee (pangulo ng samahan ng mga pastor). Dinaluhan ito ng maraming tao mula sa iba't ibang bansa, kabilang ang Palestine, Russia, Ukraine, U.K. Bulgaria, at India. Nakibahagi rin ang mga taga-ibang lugar pa sa Israel. Ipinalabas ito ng TBN Russia sa loob ng tatlong oras sa buong Europa at Asia.

Nagsiawit ng mga papuri ang lider ng Papuri na si Rose Han at ang Power Worship Dance Team ng komite ng sining. Ang mga awitin nila ay sa wikang Hebreo, Ruso, at Ingles, sumayaw din sila. Hinaplos nito ang mga puso ng mga dumalo. Nagbunyi sila at naghiyawan dahil sa kagalakan. Sinasabi nilang napuno sila ng pagpapala at nagkaisa ang mga espiritu nila dahil sa napakagandang sayaw at mga papuri na puspos ng Espiritu. Sinabayan nila ang mga nagtanghal sa mga papuri sa Diyos na Manunubos ng Israel.

Inihatid ni Pastor Soojin Lee ang mensaheng "Blessing Received for Walking in Light" (Pagpapalang Tinanggap ng Lumakad sa Liwanag). Tinalakay din niya ang patotoo ni Dr. Jaerock Lee tungkol sa pitong taong pagdurusa nito mula sa karamdaman, at gumaling nang makilala ang Diyos. Naantig ang puso ng mga dumalo, umiyak sila at pinagsisihan ang mga kasalanan na ginawa nila at nagpasiyang magiging matatag.

Pagkatapos niyang ihatid ang mensahe, idinalangin ni Pastor Lee ang mga may sakit gamit ang panyong pinanalanginan ni Dr. Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12). Maraming nagpatotoo na nawala ang pananakit ng kanilang likod, mga tuhod, at mga binti. Nagbalik ang normal na paningin ng iba at nakarinig ang mga bingi. May ilang gumaling mula sa kanser. Lubos nilang niluwalhati ang Diyos.

Masayang sinabi ni Pastor Yuri Kalmykov ng Water of Life Church sa Haifa, "Walang malay ang kapatid kong lalaki dahil sa atake sa puso. Maliit ang pag-asang mabubuhay pa siya. Pero tinanggap ko ang panalangin ni Pastor Lee para sa kanya nang may pananampalataya. Nakakamanghang nagkamalay siya at nakakain pagkatapos ng dalangin para sa kanya. Mabilis ang paggaling niya."

Maraming manonood ng TBN Russia sa Russia, Estonia, Germany, Switzerland, U.K., at Kazakhstan ang dumalo sa krusada ni Pastor Lee sa Israel sa telebisyon. Nagpatotoo silang tumanggap ng paggaling at ng mga kasagutan.

Noong Oktubre 24 at 25, 2013, nagdaos ng seminar para sa mga pastor sa bulwagan ng Yad Hashmona sa Kibbutz, Israel. Ipinangaral ni Pastor Lee ang mensaheng "The Measure of Faith" (Ang Sukat ng Pananampalataya), sinabi niya, "Dapat munang alamin ng mga pastor ang sukat ng pananampalataya nila, iwaksi ang mga kasalanan, at maging banal. Madadala nila ang mga miyembro ng iglesya sa tamang daan, makakaranas ng muling pagsigla at tatanggap sila ng mga biyaya kung gagawin nila ito."

Pinakinggan ng mabuti ng mga dumalo ang mensahe niya. Sa papuri at pagsamba, nagsisi sila at umiyak. Nagpasya silang magpapabanal sa harapan ng Panginoon. Sinabi ni Pastor Sergey Miheev, Obispo ng isang denominasyon na may 800 mga iglesya bilang miyembro sa Russia, "Natanto kong parang sa bata ang pananampalataya ko. Nagbalik-tanaw ako sa buhay ko bilang isang pastor."

Kinaumagahan, Oktubre 26, 2013, nagkaroon ng pagpupulong sa King of Glory Church sa Haifa. Ipinaliwanag ni Pastor Lee ang mga katangian ng tunay na babaing ikakasal sa Panginoon at kung paano nila ito sasalubungin. Ginamit niya ang talinhaga ng sampung birhen. Habang ipinapangaral niya ang mensahe, nagpahayag ng determinasyon ang mga miyembro na magsusulong sila ng masiglang buhay-Cristiano. Sinabi ni Pastor Daniel Matiashi, "Napakalalim ng nilalaman ng mensahe, may kapangyarihan itong nakapagpapabago sa amin. Nagbigay ito ng kaalaban para sa muling pagsigla ng iglesya."

# Mapapalad ang mga may Malinis na Puso

"Mapapalad ang mga may malinis na puso, sapagkat makikita nila ang Diyos" (Mateo 5:8).



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

Kadalasan, hinuhusgahan ng mga tao ang ibang tao batay sa pananamit ng mga ito, pero ang Diyos ay nakatingin sa puso. Matatandaan nating pinagsabihan ni Jesus ang mga Fariseo at mga eskriba, tinawag Niya silang mga 'mapagpaimbabaw'. Ang dapat nating panatilihing dalisay at malinis ay ang puso natin. Kahit edukado at gumagawa ng mabuti ang isang tao, pero makasalanan, walang sinusunod na batas, at nagmamalinis siya, hindi pwedeng sabihing totoong banal siya.

Ang kahulugan ng may pusong malinis ay pagpapanatili nitong dalisay ayon sa katotohanan, pag-iwas sa kabastusan, hindi pagsasaya sa kasinungalingan, at walang bahid at mantsa. Huwag nating lagyan ito ng mga bagay na walang kabuluhan. Ito ay pusong ayon sa katotohanan at kabutihan.

Nalulugod at pinagpapala ng Diyos ang mga malilinis ang puso ayon sa kabutihan at pag-ibig. Basahin natin kung paano pinagpapala ng Diyos ang mga mayroong malinis na puso.

### 1. Diyos na nagmamahal at nagpapala sa mga malinis ang puso, tulad ni Ruth

Si Ruth ay isang taong tumanggap ng pagpapala dahil malinis ang puso niya. Siya ay Hentil na nagmula sa Moab. Bata pa siya nang naging balo at walang anak. Hindi niya iniwan ang biyenan niya na isang balo rin. Pinaglingkuran niya ito ng taos-puso. Pinili ni Ruth na iwan ang bayan niya para sumama sa biyenan niya sa Bethlehem, ang bayan nito. Hindi siya bihasa sa lugar na ito, wala siyang matitirhan at kakaunti ang pagkain. Hindi niya alam kung ano ang ikakabuhay niya.

Gayon pa man, hindi inisip ni Ruth ang mga negatibong bagay na maaaring mangyari, hindi rin niya pinagsisihan ang desisyon niyang sumama sa biyenan niya. Hindi siya nagbago sa taos-pusong paglilingkod niya dito. Napakabuti at napakalinis ng puso ni Ruth kaya napagtagumpayan niya ang lahat ng bagay nang may kagalakan. Dahil dito, pinagpala siya ng Diyos na makilala si Boaz, mayaman at mabait, naging masaya siya sa piling nito. Napabilang pa siya sa angkan ni Jesus bilang lola sa tuhod ni Haring David.

Noong panahon ni Jesus, sinunod ng mga Fariseo at eskriba ang batas at ang mga tradisyon ng matatanda. Pero masama pa rin ang puso nila. Iniiwasan nila ang masaganang buhay at mahigpit ang pagdidisiplina nila sa sarili. Banal ang tingin nila sa sarili nila. Nililinis nila ang puso nila, pero hindi dahil sa pagmamahal nila sa Diyos. Sumusunod sila sa Batas pero hindi nila isinasa-alangalang ang kapwa nila, kaya tinawag silang mga mapagpaimbabaw.

Tinawag sila ni Jesus na mga pinaputing libingan na magandang tingnan sa labas, ngunit sa loob ay puno ng mga buto ng mga patay (Mateo 23:27). Kahit gaano ito pagandahin, puno pa rin ito ng lahat ng uri ng karumihan. Nagkunwaring banal ang mga Fariseo at eskriba, pero puno ng lahat ng klaseng kasalanan at kasamaan ang puso nila. Gusto ng Diyos na magkaroon tayo ng malinis at magandang kalooban at ipakita ito sa pamamagitan ng kabanalan.

### 2. Ang paraan para magkaroon ng malinis na puso

Ang Diyos ay banal at perpekto, gusto Niyang magkaroon tayo ng malinis na puso sa pamamagitan ng pagwaksi sa kasalanan at kasamaan. Sinasabi ng 1 Pedro 1:16, "Sapagkat nasusulat, 'Kayo'y maging banal, sapagkat Ako'y banal.'" Mababasa sa 1 Mga Taga-Tesalonica 4:3, "Sapagkat ito ang kalooban ng Diyos, ang inyong pagpapakabanal..."

Ano ang gagawin natin para magkaroon ng malinis na puso na gusto ng Diyos at maging banal? Kung ang isang tao ay mainitin ang ulo at magagalitin, dapat maging maawain at magiliw na tao siya. Ang mga arogante o mayabang ay dapat maging mapagkumbaba at maglingkod sa kapwa. Ang mga may galit ay dapat matutong magmahal, kahit sa mga kaaway nila. Para magkaroon ng malinis na puso ang isang tao, dapat niyang iwaksi ang lahat ng uri ng kasamaan hanggang sa dumanak ang dugo.

Magkakaroon tayo ng malinis na puso kung iwawaksi natin ang mga kasalanan at kasamaan, susundin ang Salita ng Diyos, at pupunuin ng katotohanan ang puso natin. Hanggat hindi natin isinasabuhay ang mga Salitang natututuhan natin, hindi tayo magbabago. Parang paglalaba ng damit, binalak ninyong maglaba, pero hindi naman kayo naglaba. Kaya, kung nakikinig kayo ng Salita ng Diyos at malaman na marumi ang puso ninyo, iwaksi ninyo ang karumihang ito.

Siyempre, hindi tayo magkakaroon ng malinis na puso sa sarili nating lakas at kagustuhan. Pinatotohanan ito ni Apostol Pablo sa Mga Taga-Roma 7:22-24, "Sapagkat ako'y nagagalak sa kautusan ng Diyos sa kaibuturan ng aking pagkatao. Subalit nakikita ko ang kakaibang kautusan sa aking mga bahagi na nakikipagbaka laban sa kautusan ng aking pag-iisip, at ako'y binibihag sa ilalim ng kautusan ng kasalanan na nasa bahagi ng aking katawan. Kahabag-habag na tao ako! Sino ang magliligtas sa akin mula sa katawang ito ng kamatayan?"

Ang tinutukoy na 'kaibuturan ng pagkatao' dito ay ang orihinal na kalooban na ibinigay ng Diyos, ito ang pusong mabuti kung saan masaya tayong nakikipagkasundo o umaayon sa batas ng Diyos. Sa kabaliktaran, ang tinutukoy na 'kakaibang kautusan sa mga bahagi' ay ang pusong masama. Gusto nitong mapanatili ang kasalanan sa puso. Hindi ito makakayang iwaksi ng sariling lakas at kagustuhan ng tao. Ano ngayon ang dapat nating gawin?

Mababasa sa 1 Kay Timoteo 4:5, "Sapagkat ito ay pinababanal sa pamamagitan ng salita ng Diyos at ng pananalangin." Para maiwaksi ang masasamang katangian sa kaibuturan ng puso natin at mapabanal, dapat nating alamin kung ano ang katotohanan sa pamamagitan ng Salita ng Diyos at manalangin tayo ng maalab. Kung gagawin natin ito, magkakaroon tayo ng malinis na puso dahil sa pagpapala at kalakasan ng Diyos, at tulong ng Banal na Espiritu. Ibig sabihin, dapat nating hangarin ang kabanalan, at ipakitang gusto nating isabuhay ang Salita ng Diyos.

### 3. Makikita nila ang Diyos

May mga nagtatanong kung paano nakikita ng ibang tao ang Diyos. Mababasa sa Mga Hukom 13:22, "At sinabi ni Manoa sa kanyang asawa, 'Tiyak na tayo'y mamamatay, sapagkat ating nakita ang Diyos.'" Sinasabi din ng Juan 1:18, "Walang sinumang nakakita kailanman sa Diyos. Ang Diyos na Tanging Anak na nasa kandungan ng Ama ang nagpakilala sa Kanya." Gayon pa man, sinasabi sa atin ng Exodo 33:11, "Sa gayon nakikipag-usap ang PANGINOON kay Moises nang mukhaan, gaya ng pakikipag-usap ng isang tao sa kanyang kaibigan. Kapag siya'y bumabalik uli sa kampo, ang kanyang lingkod na si Josue, anak ni Nun, na may kabataan pa, ay hindi umaalis sa tolda."

Kapag bumababa ang Diyos sa Bundok ng Sinai, hindi lumalapit ang mga Israelita sa lugar na iyon, natatakot silang mamatay. Pero kinausap ni Moises ang Diyos nang harapan (Exodo 20:18-19). Bakit may mga nakakakita at lumalakad kasama ng Diyos, pero mayroon din namang hindi?

Sinasabi ng 3 Juan 1:11, "Minamahal, huwag mong tularan ang masama, kundi ang mabuti. Ang gumagawa ng mabuti ay sa Diyos; ang gumagawa ng masama ay hindi nakakita sa Diyos." Nakikita ang Diyos ng may malinis na puso, pero ang mga may maruming puso dahil sa kasalanan at kasamaan ay hindi makikita ang Diyos.

Kung mayroon tayong malinis na puso, makakapasok tayo sa Bagong Jerusalem o sa Pangatlong kaharian ng Langit. Makikita natin ang Panginoon at ang Diyos nang malapitan. Gayon pa man, hindi makikita nang malapitan ng mga tao sa Paraiso, at sa Una at Pangalawang Kaharian sa Langit ang Panginoon. Magkakaiba ang tirahan natin sa langit, ayon ito sa pagpapabanal at espirituwal na liwanag na magmumula sa atin.

Ang pagpapalang ibibigay sa mga malinis ang puso ay hindi lang nangangahulugang makikita ang anyo ng Diyos, tatanggapin din nila ang mga kasagutan sa panalangin, at makakatagpo at mararanasan ang Diyos sa bawat bahagi ng buhay nila. Kasama din dito ang pagtanggap ng iba't ibang kaloob ng Espiritu, tulad ng pagsasalita ng mga wika, na nakasulat sa 1 Mga Taga-Corinto 12:9-11, at mararanasan ang buhay na Diyos. Ang lahat ng ito ay masasabing pagpapala na makita ang Diyos, mayroon pang ibang pagpapala, ilan lang ang mga nabanggit.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, hinihimok ko kayong kilalaning mabuti ang pag-ibig ng Diyos, iwaksi ang karumihan ng puso, at kamtin ang lubos na kabanalan. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon, na nawa ay maging masagana kayo sa lahat ng bagay, tanggapin ang mga kasagutan at pagpapala, at tamasahin ang kaluwalhatiang makita ang mukha ng Diyos sa Bagong Jerusalem.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 235-3, Guro-Dong3, Guro-Gu, Seoul, Korea (152-848)
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english / www.manminnews.com
Email: manminministry@manmin.org
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin



# Mga Makalaman na Saloobin na Dapat Buwagin para Maging Espirituwal

Hindi madaling baguhin ang takbo ng isipan o ugali na matagal na ninyong dala-dala. Ang dahilan ay tanggap at inuunawa ninyo ang katotohanan ayon sa limitasyon nito. Higit pa riyan, kung nabuo na dito ang inyong pagmamalinis at mga sariling ideya, mahirap ng makita ang totoong kalooban ng Diyos. Hindi na natin napapansin na mayroon tayong makalaman na saloobin.

Ang ‘pagmamalinis’ ay ang paggigiit ng mga sariling paniniwala. Ipinipilit ninyo na ang mga ideya ninyo ay tama. Iniisip ninyo palagi na kayo ang nakakaalam tungkol sa isang bagay. Hangga’t hindi natin nabubuwag ang makalaman na mga saloobin na nagmumula sa pagmamalinis, hindi tayo magiging espirituwal.

Kaya dapat nating suriin ang mga sarili natin batay sa salita ng katotohanan at maalab na pananalangin. Anong klaseng makalamang saloobin na nagmumula sa pagmamalinis ang dapat nating buwagin?

### 1 Ang makalaman na saloobin na nagmumula sa ugali na minana mula sa mga magulang

Hindi nakikita ng ibang tao ang mga pagkukulang nila. Hindi nila ito maiwaksi dahil minana nila ito mula sa mga magulang nila. Nakatago ito sa kibuturan ng kanilang ‘chi’ o ‘buhay na lakas.’

May mga taong ipinanganak na mapag-isa. Kadalasan, tahimik o walang kibo ang mga taong ito, hindi magagalitin, hindi nakikipag-away, o nanggugulo. Kung magiging lider ng isang grupo ang taong ito, dapat buo ang loob niya at marunong magdesisyon ayon sa situwasyon; gayon pa man, baka magsawalang-bahala lang sila. Dapat ipakita nila ang pag-aalaga nila sa ibang tao at tulungan silang lumakas ang loob, pero hindi nila ugali ito. Gayon pa man, wala silang problema sa ibang tao dahil sa tingin nila, mababait ang mga ito. Hindi nila nakikita ang mga problema.

May mga ipinanganak naman na palakaibigan. Kahit palagi silang ganado, kulang naman ang paglilingkod nila. Sa tingin nila, sila ang pinakamagaling. Hindi sila marunong magbigay ng aliw sa kapwa. Kahit hindi sila ang namumuno sa isang situwasyon, gusto pa rin nilang manguna, iniisip nilang ‘gusto nilang maging espirituwal’ kaya ginagawa nila ito.

### 2 Ang mga makalamang saloobin mula sa pagkatao na nabuo habang lumalaki

May mga taong malungkutin at may galit sa mundo, naging ugali na nila ito, bahagi na ito ng pagkatao nila. Nahihirapan sila sa pagsulong ng buhay bilang isang Cristiano dahil sa mga makalaman na saloobing ito na lumalabas sa mga negatibong katangian nila.

Halimbawa, nagsisikap silang manalangin at maglingkod para sa kaharian ng Diyos para maiwaksi ang mga kasalanan at tumanggap ng kasagutan. Kung may isang taong may kaparehong kahilingan at tinanggap ng taong ito ang sagot at mga biyaya, malulungkot sila at panghihinaan ng loob.

At may mga tao ding nanghahatol at namimintas sa sarili sa lahat ng bagay. Sinisisi nila ang sarili kahit sa maliliit na pagkakamali. Nawawalan sila ng lakas para manalangin, at hindi nila kayang humarap sa Diyos. Hindi nila madama nang malalim ang pag-ibig ng Diyos, kaya dahil sa pagmamalinis nila, mas nakikita nila ang mga pagkukulang ng ibang tao. Hindi nila inuunawa o tinatanggap ang mga ito. Mas gusto nilang ipamukha sa iba ang pagkukulang ng mga ito para turuan sila.

### 3 Makalaman na saloobin mula sa maliliit na kasalanan

May mga taong hinubog ang puso nila sa katotohanan, pero may natitira pang maliliit na kasalanan kaya naroon pa rin ang makalamang saloobin. Gusto nilang sundin ang payo ng mga kasamahan sa trabaho at ng boss nila, pero hindi sila kumportable dito. Kahit 0.1% lang ang pakiramdam na ito sa puso niya, hindi maaaring sabihing espirituwal siya. Pero dahil 99.9% ay kabutihan, at dahil mabilis lumipas ang mga negatibong saloobin, nakakalimutan na nila ang 0.1%. Ito ang dahilan kung bakit hindi naiiwaksi ang maliliit na kasalanan. Hindi pwedeng sabihing espirituwal sila.

### 4 Ang makalaman na saloobin na nakatago sa mabuting espirituwal na kapaligiran

Kahit napapabayaan ang paglilinis ng puso, akala ng ibang tao, espirituwal sila. Dahil sumasaya sila sa situwasyon nila, nakakalimutan nila ang makalamang saloobin na lumalabas paminsan-minsan. Pero kapag nahirapan sila, hindi nila mapagtagumpayan ito nang may pananampalataya. Kung lilinisin nila ang kaibuturan ng puso nila, mapupuspos sila ng Espiritu, magiging malinis ang puso nila at magkakaroon sila ng perpektong pananampalataya.

### 5 Ang mga makalaman na saloobin na nagmumula sa kakulangan sa pagkatao

Ang ‘kakulangan sa pagkatao’ ay ang pagkukulang sa kakayahang gawin o unawain ang mga bagay na karaniwang ginagawa dahil hindi nila pinagdaanan ang mga karanasan o pagsasanay na kailangan nila habang lumalaki.

Halimbawa, kung hindi sinanay ang mga batang makinig mabuti sa sinasabi ng guro sa eskwelahan, maaaring hindi rin sila makatuon sa sinasabi ng ibang tao hanggang sa paglaki nila. Hindi sila makatuon sa mga sermon. Baka hindi nila pakinggang mabuti ang usapan. Kung mga lingkod naman sa iglesya ang pag-uusapan, baka magkamali sila kung hindi nila pakikinggang mabuti ang ipinapagawa ng boss nila. Ayaw nilang suwayin ang kalooban ng Diyos, pero hindi sila makasunod dahil hindi nila matandaan ito. Sa bandang huli, ginagamit na lang nila ang sariling makalamang saloobin.

May mga taong pinalaki sa istrikto at saradong kapaligiran. Hindi sila sanay makipag-usap sa ibang tao. Hindi nila maunawaan ang ideya ng ibang tao at ang mga paraan kung paano nila ito ipinapaalam sa iba. Hindi nila maunawaan ang ibang tao, kaya wala silang konsiderasyon. Batay sa sarili nilang karanasan, iniisip nila, “Gusto ko ito, natitiyak kong gusto rin nila ito.” Pero kadalasan, mali ang iniisip nila.

### 6 Ang makalaman na saloobin mula sa sariling ideya tungkol sa katotohanan

Ang pagmamalinis ay nabubuo kapag ang interpretasyon ng isang tao tungkol sa katotohanan ay ayon sa sariling ideya o opinyon. Ipinapalagay nilang tama at mabuti ang isang bagay, pagkatapos, pagtitibayin na nila ang mga ito. Kung minsan, tama ito, kaya mas lalo nilang pinapaniwalaan ang mga saloobin at ideya nila.

Ipagpalagay nating naantig ang damdamin ng isang lingkod ng iglesya sa isang pastor na mapagpatawad. Pinagtatakpan nito ang pagkakamali ng mga miyembro. Iispin ng lingkod na ito, “Pagiging mabuti ang magpatawad at umunawa.” Ang problema, hindi dapat palaging umuunawa at nagpapatawad sa kawan ang isang pastor. Ibig sabihin, pagsabihan at parusahan din natin ang nagkakasala para talikuran nila ang kasalanan. Pero dahil sa makalaman na saloobin, na inaakalang kabutihan ito, hindi nagiging malalim ang pag-unawa sa pag-ibig ng Diyos ng lingkod na ito.

# "Pinatotohanan ng mga Cristianong doktor ang kapangyarihan ng Diyos! Kamangha-mangha ito!"

Dr. Daniel Fuentes Acosta
Gynecologist at Obstetrician,
Direktor ng WCDN sa Mexico




Noong taong 1994, pumasok ako sa Autonomous University ng Mexico State at nagdaos ako ng mga pulong-panalangin doon kapag may libreng oras. Namuno din ako sa mga kumperensya para sa mga estudyante ng medisina para maibahagi ang ebanghelyo. Nang makapagtapos ako, idinalangin ko ang pangitain (vision) ko na maibahagi ang ebanghelyo ng Makapangyarihang Diyos at Panginoon sa lahat ng oras. Nagtatrabaho ako ngayon sa isang ospital, ang 'Monica Pretilini', sa Toluca, Mexico. Ako ang namamahala sa departamento na nakatuon sa pagsusuri at panggagamot.

Noong taong 2011, ibinahagi ko sa ilang doktor ang tungkol sa pagtatatag ng isang organisasyon na magbibigay ng panggagamot sa pisikal at espirituwal. Napagtanto ko na kinakailangan ang isang organisasyon para sa mga Cristianong doktor. Habang idinadalangin ko ito, binuo ko ang AMEC (Christian Medical Alliance Mexico State). May 300 miyembro ito. Ibinabahagi namin ang pag-ibig ng Panginoon sa lahat ng lugar sa Mexico, boluntaryo din ang panggagamot namin gamit ang teknolohiyang may kinalaman sa medisina.

Pagkatapos kong maitatag ang AMEC, inisip kong dapat magkaroon ng organisasyong tulad nito ang mga doktor sa buong mundo na may kaparehong hangarin. Gusto kong matutuhan ang kaalaman nila. Samantala, habang nag-iinternet ang asawa ko, nakita niya ang website ng WCDN – www.wcdn.org, (World Christian Doctors Network). Naantig ang damdamin ko sa ministeryo nila, ang pagpapatotoo ng paggaling ayon sa kapangyarihan ng Diyos batay sa impormasyon mula sa medisina. Natuwa ako nang malaman kong may ganito palang organisasyon.

"Dapat kong tawagan sa telepono ang WCDN, ngayon din! Saan kaya ang opisina nila? Sa South Korea? Diyos ko! Napakalayo!"

Mabuti na lang, marami itong sangay sa buong mundo. Tinawagan ko ang sangay na nasa Estados Unidos, pinakamalapit ito sa Mexico. Ipinakausap sa akin si Dr. Almando, direktor ng sangay dito. Dahil sa tulong niya, nakilala ko ang grupong pang-misyon ng WCDN noong taong 2012. Sinabi nila sa akin ang tungkol sa ministeryo at pangitain ng WCDN, at kung paanong hindi sila iniiwanan ng Diyos. Napuno ako ng emosyon, napaiyak ako. Narito na ang hinihintay kong katuparan sa pangitain ko bilang isang Cristianong doktor. Gusto naming mag-asawang makita kung anong klaseng tao ang tagapangulo ng WCDN na si Dr. Jaerock Lee. Pinakinggan ko ang mga sermon niya sa website na Kastila, www.manmin.org/foreign/main_sp.asp. Ang mga sermon niya ay naglalaman ng pagmamahal at pagiging totoo, umaabot ito sa kaluluwa ng mga tao. Binasa ko din ang pangunahing libro niya, ang *Ang Mensahe ng Krus* sa wikang Kastila. Naiintindahan ko na ngayon ang kalooban ng Diyos sa pangangalaga ng sangkatauhan. Itinanim ko na sa puso ko ang pag-ibig ng Diyos at pag-ibig sa krus sa kaibuturan nito.

Naranasan ko rin ang pagkilos ng kapangyarihan ng Diyos. May sakit sa balat sa binti at braso ang pitong taong gulang kong anak na si Daniel mula nang ipanganak siya. Noong taong 2012, binigyan kami ng grupong pang-misyon ng WCDN ng Muan Sweet Water. Sinabi nila sa amin na kung ipapahid ito o iinumin nang may pananampalataya gagaling kami. Ipinahid ko ito sa balat ng anak ko, sinabayan ko ng panalangin. Nakakabigla, pinagaling ng Diyos ang anak ko noon ding linggong iyon.

Ang kaibigan kong doktora na si Dr. Pastrana Figeroa, isang plastic surgeon, ay nakaranas din ng paggaling dahil sa panalangin ni Dr. Lee na lumalampas sa lugar at panahon. Nagising ang anak niyang babae na naka-coma dahil sa panalangin. Nakapaglakad din si Pastor Fernando, hindi siya makalakad ng maayos dati dahil may problema sa tuhod niya. Pero pagkatapos siyang ipanalangin ni Dr. Lee sa pamamagitan ng Enlace TV wala na siyang problema.

Noong Hunyo 2013, idinaos ng WCDN ang ika-10 pandaigdigang kumperensya ng mga Cristiano tungkol sa medisina sa Toluca, Mexico. Bilang lider ng komite ng pag-oorganisa, masayang-masaya ako dahil gagawin ito sa bansa ko, unang pagkakataon ito sa Latin America. Dumalo ang 350 mga doktor mula sa 24 na bansa. Nagpakita ng pitong kaso ng paggaling dahil sa panalangin ng mga sakit na hindi na nagagamot. Mayroon itong katibayan batay sa impormasyong medikal. Niluwalhati ang Diyos sa kumperensya dahil sa mga pagpapagaling na sinuportahan ng impormasyong medikal at sa mga espesyal na pagtuturo at kaalaman na nagpasigla sa mga espiritu ng mga dumalo. Pinapurihan din Siya sa mga awiting papuri at pagtatanghal na puspos ng Espiritu.

Pinaplano kong bumisita sa mga bansa sa Latin America para magtatag ng mga sangay ng WCDN. Ito ay para sa mga kumperensyang nakatuon sa pagpapagaling ng Diyos at pagbabahagi ng ebanghelyo sa mga doktor. Nagpapasalamat ako kay Dr. Lee na nagtatag ng ministeryo ng WCDN para maraming taong makakilala sa Diyos ng Pag-ibig. Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos na Siyang dapat papurihan dahil sa ministeryong ito.

# "Gumaling ang allergy sa lalamunan at ilong ko!"

Diakonesa Hyang Kim (ika-1 Chinese Parish)

Nagpunta ako sa South Korea para kumita ng pera, apat na taon na ang nakakaraan. Nagpalista ako sa Manmin Central Church sa pangunguna ng tita ko pero hindi ko pinanatili ang buong Sabbath. Samantala, bigla na lang akong nagkaroon ng mga allergy. Nangati ang buong katawan ko, naapektuhan din ang limang mahahalagang pandama ng katawan ko (five sensory organs). Napakahirap ng pakiramdam ko, hindi ko na ito natiis. Dahil sa mga gamot na dapat kong inumin, tumaba ako at bumamaba ang presyon ng dugo ko. Palagi akong nahihilo. Palaging namamaga ang lalamunan ko, may lagnat pa ako. Mayroon akong pantal sa ngala-ngala, napakakati nito. Palaging tumutulo ang sipon kong malabnaw, at bahin ako ng bahin. Nalaman kong sintoma ito ng allergy sa lalamunan at ilong ko. Uminom ako ng lahat ng klaseng gamot pero walang epekto.

Bago matapos ang taong 2011, habang nakikinig ako sa mensahe ni Dr. Jaerok Lee sa pagsamba, natanto ko ang tungkol sa pag-ibig ng Panginoon kaya lubos kong pinagsisihan ang mga kasalanang ginawa ko.Para makapagpasalamat sa mga pagpapala Niya, nagsimula akong makipanalangin sa pulong-panalanging Daniel tuwing may oras ako.

Pagkatapos, nagpunta sa Korea ang anak kong babae na naninirahan sa China para sa 'exchange program' na inialok ng Sookmyung Women's University. Naging matatag ang buhay ko habang kasama ko ang anak ko, bumuti din ang buhay ko bilang isang Cristiano. Pinanatili ko ang buong Sabbath at hindi na rin ako uminom ng gamot. Nananampalataya lang ako.

Noong Agosto 5, 2013, sa unang araw ng retreat sa tag-init ng Manmin, idinalangin ni Dr. Jaerock Lee ang mga may sakit. At kamangha-manghang lumamig ang lalamunan ko at nawala ang pangangati ng ngala-ngala ko. Gumaling lahat ng mga allergies ko! Hallelujah!



## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

| Manila Manmin Holiness Church | Bataan Manmin Holiness Church | Isabela Manmin Holiness Church | Cavite Manmin Holiness Church | Imus Manmin Holiness Church | Cebu Manmin Holiness Church | Davao Manmin Holiness Church |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas<br>Pastor Peter Bae<br>Pastor Lucy Lee<br>2-735-1423 | 067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas<br>Pastor Peter Bae<br>0910-262-5465 | Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas<br>Pastor Peter Bae<br>Pastor Lucy Lee<br>0905-649-1120 | 5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas<br>Pastor Sharon Cho<br>046-850-3193 /<br>0916-674-3903 /<br>0905-319-8191 | Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas<br>Pastor Jubeom Kim<br>0927-311-7633 | LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City Cebu, Pilipinas<br>Pastor Rossetta Sung<br>0921-635-7595 | 301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas<br>Pastor Kathryn Kim<br>0908-635-2714 |